



THINK TO UNDERSTAND: KASANAYAN SA PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA JUNIOR HIGH SCHOOL

Josielyn H. Gemoya

Mananaliksik, Rizal Memorial Colleges, Inc.

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kuwalitatibong disenyo gamit ang pamamaraang penomenolohikal upang tuklasin ang mga karanasan ng mga guro ng Filipino sa Davao Occidental Division sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. Sampung guro mula sa iba't ibang pampublikong paaralan ang lumahok sa masinsinang panayam. Lumitaw sa pag-aaral na bagaman kinikilala ng mga guro ang kahalagahan ng pagbasa sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, nahaharap sila sa mga suliraning tulad ng kakulangan ng mga kagamitan, limitadong pagsasanay, at limitadong ng suporta mula sa administrasyon. Sa kabila nito, ipinamalas ng mga guro ang kanilang katatagan at inisyatiba sa pagharap sa mga hamong ito. Isa sa mga pangunahing mekanismo ng pagkaya ay ang pakikilahok ng mga magulang sa programa sa Pagbasa. Bukod dito, ginamit din ng mga guro ang mga teknolohiyang pang-edukasyon upang maging aktibo ang paglahok ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, nilikha rin nila ang isang suportadong kapaligiran sa pagkatuto na pumapabor sa interaktibong pagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng mahalagang pananaw sa pagpapaunlad ng propesyonal ng mga guro, pagsusulong ng mga aktibong estratehiya sa pagbasa, at ang paggamit ng angkop na kasanayan. Ang pananaliksik na ito ay nag-aalok ng makabuluhang kaalaman para sa mga tagapagbuo ng polisiya, at mga guro upang higit na mapatibay ang suporta sa literasiya sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagsasanay at sapat na pagkakaloob ng mga kinakailangang kagamitan.

MGA KEYWORD: pag-unawa sa binasa, guro ng Filipino, kuwalitatibong pananaliksik, mekanismo ng pagkaya, edukasyong pangbasa.

KABANATA 1 – PANIMULA

Ang pag-unawa sa binasa ay isang mahalagang kasanayan na may direktang epekto sa tagumpay ng mga mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan. Ito ay hindi lamang simpleng aktibidad ng pagkilala ng mga salita kundi isang komplikadong proseso na nagsasangkot ng pag-decode, pagsusuri ng bokabularyo, pagbuo ng inferensya, at kritikal na pag-iisip. Sa pandaigdigang konteksto, ipinakita ng mga pag-aaral na ang mga mag-aaral na may kahirapan sa pagbasa ay mas mababa ang kumpiyansa at akademikong pagganap, at mas mataas ang posibilidad na mawalan ng interes sa kanilang edukasyon. Sa Pilipinas, lalo na sa mga pampublikong paaralan, malinaw na nararanasan ang mababang antas ng pag-unawa sa binasa na nagpapakita ng pangangailangan ng mas pinatibay na interbensyon, suporta mula sa guro, at partisipasyon ng pamilya at komunidad.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay tuklasin at masuri ang mga karanasan ng mga guro ng Filipino sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa. Nais nitong tukuyin ang mga umiiral na estratehiya sa pagbabasa, mga hamon na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo, at mga pananaw na kanilang nabuo sa proseso ng pagbibigay ng interbensyon. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga ito, layunin ng pag-aaral na makapagbigay ng rekomendasyon sa mga paaralan, administrador, at mga tagapamahala ng programa upang

mas mapabuti ang implementasyon ng mga programang pang-literasiya.

Mga Tanong sa Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay tumutok sa tatlong pangunahing katanungan:

1. Ano ang mga karanasan ng mga guro ng Filipino sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa junior high school?
2. Paano nila hinaharap ang mga hamon sa prosesong ito?
3. Ano ang mga pananaw na maaaring makuha mula sa kanilang karanasan upang magsilbing gabay sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto sa pagbasa?

Rebyu ng Mahahalagang Literatura

Sa pagsusuri ng umiiral na literatura, lumitaw ang ilang mahahalagang tema na nagbibigay-linaw sa mga hamon at oportunidad sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa. Una, malinaw ang suliranin sa kakulangan ng kagamitan at aklatan na naglilimita sa pagkakalantad ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto. Ipinakita sa mga pag-aaral na ang kakulangan ng mga de-kalidad na materyal sa pagbasa, lalo na sa mga rural at pampublikong paaralan, ay may malaking epekto sa pagbuo ng kasanayan sa literasiya. Ang mga mag-aaral na walang sapat na access sa aklatan at iba pang mapagkukunan ay madalas na nahihirapang magsanay sa pagbabasa at magkaroon ng motibasyon sa pagbasa (Manlapig, 2020; Aro et al., 2022). Ipinunto rin ni Bayat (2020) na ang kakulangan sa materyales ay



hindi lamang nakakaapekto sa kognitibong pag-unlad kundi pati na rin sa interes at engagement ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Ikalawa, lumitaw ang isyu sa kakulangan ng sapat na kaalaman ng mga guro sa linguistics at pedagohiya, na nagiging hadlang sa epektibong pagtuturo ng pagbasa. Ipinapakita ng ilang pananaliksik na maraming guro ang pumapasok sa propesyon na walang sapat na pagsasanay sa pagbibigay-diin sa diskurso at estratehiya sa pagbasa, kaya't nahihirapan silang ipatupad ang mga estratehiyang nakatuon sa kritikal na pag-iisip at metakognitibong pagkatuto (Deluao et al., 2023; Tomas et al., 2021). Ayon pa kina Liu at Wang (2023), ang mga pangkalahatang pagsasanay na ibinibigay sa mga guro ay hindi sapat upang tugunan ang partikular na hamon ng pagtuturo ng pag-unawa sa binasa, kaya't nananatiling limitado ang kanilang kakayahan na tugunan ang iba't ibang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Idinagdag pa nina Kung at Aziz (2020) na ang kawalan ng espesyalisadong kaalaman at kumpiyansa ng guro ay nagdudulot ng siklo ng mababang kalidad ng pagtuturo ng pagbasa.

Ikatlo, lumitaw din ang tema ng limitadong suporta mula sa administrasyon na nakakaapekto sa motibasyon ng mga guro at sa kakayahan nilang magpatupad ng mga programang pampanitikan. Ayon kina Leithwood et al. (2020), ang epektibong komunikasyon at suporta ng administrasyon ay mahalaga upang mabigyan ng sapat na pondo, materyales, at pagkakataon ang mga guro na magpatupad ng mga inobatibong estratehiya. Subalit, kapag kulang ang suporta mula sa pamunuan, mas mataas ang posibilidad na makaranas ng "burnout" ang mga guro, na nagreresulta sa pagbaba ng kalidad ng pagtuturo (Manlapaz et al., 2022; Ramadhianti & Somba, 2023). Sinang-ayunan din nina Berkowitz et al. (2020) na ang mga paaralan na may matibay na administratibong suporta ay nakakapagpakita ng mas matagumpay na kinalabasan sa mga programang pang-literasiya.

Gayunpaman, sa kabila ng mga hamong ito, ipinakita rin ng literatura ang iba't ibang mekanismo ng pagkaya ng mga guro. Una, ang pakikilahok ng mga magulang ay itinuturing na mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga bata. Ipinakita nina Zarei at Joseph (2019) at Wijayanti (2020) na ang mga aktibidad sa tahanan gaya ng pagbabasa ng kwento bago matulog ay nakatutulong upang mapalalim ang interes ng bata sa pagbasa. Ikalawa, ang paggamit ng teknolohiya ay isa ring mahalagang mekanismo upang palawakin ang access ng mga mag-aaral sa mga materyales sa pagbasa. Ayon kina Chetty et al. (2021) at Bagul (2020), ang paggamit ng digital tools at open educational resources ay nagbibigay-daan sa mas masigla at nakakaengganyong karanasan sa pagbabasa. Ikatlo, mahalaga rin ang pagbibigay ng ligtas at nakakaengganyong kapaligiran sa pag-aaral, kung saan ang kooperasyon at interaksyon ng guro at mag-aaral ay nagiging daan upang mapataas ang motibasyon at akademikong tagumpay (Perdana & Swandari, 2021; Wijayanti, 2020).

Sa kabuuan, malinaw mula sa pagsusuri ng literatura na ang pag-unawa sa binasa ay nananatiling hamon na may kinalaman sa kakulangan ng materyales, limitadong kasanayan ng guro, at kulang na suporta ng administrasyon. Gayunpaman, sa pamamagitan ng pakikilahok ng pamilya, inobasyon sa pagtuturo gamit ang teknolohiya, at pagbuo ng positibong kapaligiran sa pagkatuto, naitataguyod pa rin ng mga guro ang isang kultura ng

pagbabasa na mahalaga para sa pangmatagalang tagumpay ng mga mag-aaral.

Sintesis

Batay sa pagsusuri ng mga datos at literatura, malinaw na ang mga mag-aaral sa Pilipinas ay patuloy na nahihirapan sa pag-unawa sa binasa, dulot ng iba't ibang salik tulad ng kakulangan sa kagamitan, hindi sapat na pagsasanay ng guro, at limitadong suporta mula sa administrasyon. Gayunpaman, ipinakita rin ng mga guro ang kanilang kakayahan at inobasyon sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya, pagtutulungan ng mga magulang, at pagpapaunlad ng mga estratehiyang nakabatay sa konteksto. Ang mga mekanismong ito ay nagsisilbing patunay na ang pagbasa ay isang multidimensiyonal na proseso na nangangailangan ng kooperasyon mula sa lahat ng stakeholder.

Teoretikal na Lente

Ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa Transactional Theory of Reading and Writing ni Louise Rosenblatt at Metacognitive Theory ni John Flavell, na kapwa nagbibigay-linaw sa masalimuot na proseso ng pag-unawa sa binasa. Ayon sa Transactional Theory, ang pagbasa ay hindi lamang simpleng pagtanggap ng impormasyon mula sa teksto kundi isang aktibong proseso ng interaksyon sa pagitan ng mambabasa at ng teksto, kung saan ang kahulugan ay nabubuo batay sa dating karanasan, emosyon, at pananaw ng mambabasa (Eeds & Wells, 2021). Sa pagbasa, mahalaga ang parehong *effort stance*—kung saan ang pokus ng mambabasa ay nasa impormasyon at ideya—at *aesthetic stance*—kung saan binibigyang-halaga ang emosyonal at personal na karanasan ng pagbabasa. Sa konteksto ng pagtuturo ng pagbasa, ang mga guro ng Filipino ay gumagabay sa kanilang mga estudyante upang maranasan ang parehong pananaw, na mahalaga sa pagpapaunlad ng kritikal at mas malalim na pag-unawa sa teksto.

Samantala, ang Metacognitive Theory ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kamalayan ng mag-aaral sa sariling proseso ng pag-iisip habang nagbabasa. Ayon kay Flavell, ang *metacognitive knowledge* at *metacognitive regulation* ay mahalaga sa mabisang pag-unawa: ang una ay tumutukoy sa kaalaman tungkol sa sariling estratehiya sa pagkatuto, at ang ikalawa ay tumutukoy sa kakayahang planuhin, subaybayan, at suriin ang sariling gawain sa pagbabasa (Teng & Zhang, 2021). Sa praktikal na aplikasyon, ito ay nangangahulugan na kailangang turuan ang mga mag-aaral na gumamit ng mga estratehiya tulad ng *self-monitoring*, *summarizing*, at *questioning* upang mapaigting ang kanilang pag-unawa at maging mas independiyente sa kanilang pagbabasa.

Sa kabuuan, ipinapakita ng dalawang teorya na ang pagbasa ay hindi isang mekanikal na gawain kundi isang dinamikong, reflective, at student-centered na proseso. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ipinapakita na ang mga guro ng Filipino ay hindi lamang naghahatid ng impormasyon mula sa teksto, kundi nagsisilbing gabay sa pagbuo ng kritikal na kamalayan at metakognitibong kasanayan ng kanilang mga estudyante. Sa pamamagitan ng paggamit ng parehong transaksyunal at metakognitibong estratehiya, ang mga guro ay nakakatulong sa mga mag-aaral na magbuo ng mas malalim, mas makabuluhan, at mas personal na pag-unawa sa kanilang



binabasa—isang kasanayang mahalaga sa kanilang akademikong pagganap at panghabambuhay na pagkatuto (Jang, 2020; Ulu, 2023).

KABANATA 2 – PAMAMARAAN

Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa kabuuang disenyo ng pananaliksik, pilosopikal na palagay, mga kalahok, pangangalap at pagsusuri ng datos, at mga konsiderasyong etikal na naging batayan ng pag-aaral. Layunin nitong ipakita ang sistematikong proseso kung paano isinagawa ang pananaliksik upang masuri ang mga karanasan ng mga guro sa Filipino hinggil sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik at Metodolohiya

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo na nakatuon sa penomenolohiya, na angkop sa pagsusuri ng mga karanasan ng guro sa natural nilang konteksto. Itinampok dito ang paggamit ng participant observation, in-depth interviews (IDI), at focus group discussions (FGD) bilang mga pangunahing paraan ng pangangalap ng datos. Ang penomenolohiya, ayon kina Neubauer et al. (2019), ay isang disiplina na naglalayong ilarawan at unawain ang mga penomena batay sa aktuwal na karanasan ng mga kalahok. Ang paggamit nito sa pananaliksik ay nagbibigay-daan upang mailarawan ang mga unibersal na esensya ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa.

Pilosopikal na Palagay

Ang pananaliksik ay nakabatay sa limang pilosopikal na palagay. Una, ontolohiya, na nakatuon sa likas na kalikasan ng realidad. Sa pag-aaral na ito, kinilala ng mananaliksik ang katotohanan ng mga guro sa pamamagitan ng kanilang sariling tinig at pananaw, gamit ang mga direktang sipi at temang nagmula mismo sa kanilang pahayag (Sol & Heng, 2022). Ikalawa, epistemolohiya, na tumutukoy sa kung paano nabibigyang-katwiran ang kaalaman. Sa pamamagitan ng pagiging malapit sa mga kalahok, nakalap ang mga mahahalagang impormasyon na nagbigay-linaw sa kanilang mga karanasan (Steup & Neta, 2020). Ikatlo, aksiolohiya, na umugnay sa papel ng mga pagpapahalaga sa pananaliksik. Dito, hayagang inilahad ng mananaliksik ang sariling interpretasyon kasabay ng pananaw ng mga kalahok, alinsunod sa etikal na pagsasaalang-alang (Sol & Heng, 2022). Ikaapat, retorika, na gumamit ng personal at impormal na estilo ng pagpapahayag upang ipakita ang karanasan at emosyon ng mga guro. At ikalima, metodolohiya, na sumunod sa induktibong pamamaraan ng kwalitatibong pananaliksik, na binigyang-diin nina Creswell at Creswell (2018) bilang nararapat sa mga pag-aaral na nakasentro sa tao.

Kwalitatibong Palagay

Ang pag-aaral ay gumamit ng penomenolohikal na perspektibo, na naglalayong maglahad ng malalim na pag-unawa sa mga karanasan ng mga guro. Ayon kina Merriam at Greiner (2019), ang penomenolohiya ay nagbubukas ng mga karanasan na madalas hindi napag-uusapan sa pang-araw-araw na buhay. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa mga guro mula sa Davao

Occidental Division na naharap sa mga hamon ng limitadong kagamitan at suporta, ngunit patuloy na gumamit ng remedial na pamamaraan upang mapahusay ang kasanayan ng kanilang mga estudyante sa pagbasa.

Mga Pamantayang Etikal

Binigyang-diin ng pag-aaral ang mahigpit na pagsunod sa mga etikal na alituntunin. Saklaw nito ang social value ng pananaliksik, kung saan layon nitong magbigay ng makabuluhang ambag sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang informed consent ay kinuha mula sa mga guro, na binigyan ng malinaw na paliwanag tungkol sa layunin, proseso, at karapatang umatras anumang oras. Kinikilala rin ang vulnerability ng mga kalahok, lalo na't ang iba ay mula sa mga pampublikong paaralan na may limitadong suporta. Ang justice ay isinagawa sa pagbibigay ng pantay na pagkakataon sa lahat ng kalahok, habang ang privacy at confidentiality ay sinigurong protektado sa pamamagitan ng coding at anonymization ng kanilang datos.

Mga Kalahok

Sampung (10) guro ng Filipino mula sa Davao Occidental Division ang nagsilbing pangunahing kalahok sa pananaliksik. Ang mga guro ay pinili gamit ang purposive sampling batay sa limang inclusion criteria: (1) may tatlong taon o higit pang karanasan sa pagtuturo ng Filipino, (2) nagtuturo sa junior high school, (3) may aktibong karanasan sa remedial reading, (4) boluntaryong pumayag na lumahok, at (5) walang salungat na interes. Ang gender sensitivity ay isinasalang-alang upang magkaroon ng balanseng representasyon ng mga babae at lalaking guro.

Pagkolekta ng Datos

Sinundan ang pitong hakbang sa pangangalap ng datos. Una, ang pagpili ng mga kalahok na guro mula sa Davao Occidental. Ikalawa, ang paghingi ng mga pahintulot mula sa Dean ng Rizal Memorial Colleges at Schools Division Superintendent. Ikatlo, ang purposive sampling para piliin ang sampung guro. Ikaapat, ang paggamit ng In-Depth Interviews (IDI) at FGD bilang pangunahing instrumento. Ikalima, ang maingat na pagtatala at pagrekord ng datos. Ikaanim, ang pagtugon sa mga isyu sa field tulad ng limitadong oras at access. At ikapito, ang ligtas na pag-iimbak ng lahat ng datos upang mapanatili ang integridad nito (Creswell, 2013).

Pagsusuri ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang Colaizzi's Seven-Step Method, na kinabibilangan ng pagbasa at pagbabalik-basa ng mga transcript, pagtukoy at interpretasyon ng mahahalagang pahayag, pagbuo ng mga tema, at pagbalik sa mga kalahok upang tiyakin ang bisa ng interpretasyon (Wirihana et al., 2018). Gumamit rin ng thematic analysis upang tukuyin ang mga patern at ugnayan sa datos (Montensen, 2020), at document analysis bilang triangulation upang patibayin ang mga natuklasan (Frey, 2018). Sa ganitong paraan, masinsinang nailarawan ang mga karanasan, coping mechanisms, at pananaw ng mga guro.



Pagkakatiwalaan ng Pag-aaral

Tiniyak ng mananaliksik ang credibility, transferability, confirmability, at dependability bilang pamantayan ng trustworthiness. Ang credibility ay nakamit sa pamamagitan ng paggamit ng direct quotations at validation mula sa mga kalahok (Budzowski, 2019). Ang transferability ay siniguro sa pagbibigay ng makapal na paglalarawan ng konteksto upang magamit ang resulta sa iba pang sitwasyon (Korstjens, 2018). Ang confirmability ay natiyak sa pamamagitan ng audit trail na nagdokumento ng lahat ng proseso ng pag-aanalisa (Nyirenda et al., 2020). Samantala, ang dependability ay tiniyak sa paggamit ng malinaw na gabay sa pananaliksik upang magamit ng iba pang mananaliksik kung nanaisin nilang ulitin ang pag-aaral.

KABANATA 3 – RESULTA AT TALAKAYAN

Sa yugtong ito, inilalahad ang mga resulta ng pananaliksik at ang kaukulang talakayan na nakaangkla sa mga suliranin ng mga mag-aaral, mekanismo ng pagkaya ng mga guro, at mga pananaw na nakuha mula sa karanasan ng mga kalahok. Batay sa nakalap na datos, lumitaw ang ilang mahahalagang tema na nagpapakita ng malalim na ugnayan sa pagitan ng kakulangan sa kagamitan, limitadong oras, at kulang na suporta mula sa administrasyon, na siyang nagiging balakid sa epektibong pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa sa mga mag-aaral.

Mga Suliraning Naharap

Ang mga guro ay nakaranas ng kakulangan ng kagamitan at aklatan na nakapagpapahirap sa pagbibigay ng sapat at makabuluhang babasahin sa mga mag-aaral (Manlapaz et al., 2022). Ang kakulangan ng oras ay lalo ring nagpapahina sa kakayahan ng guro na magbigay ng mas personalisadong gabay (Aro et al., 2022). Ayon sa ilang kalahok, mahirap sukatin ang aktuwal na antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral kung kulang ang oras at hindi aktibo ang mga estudyante sa paglahok. Ipinakita rin ng mga salaysay na ang paggamit ng holistic at flexible assessment approach ay mas angkop upang masukat ang tunay na kakayahan ng mga mag-aaral (Bayat, 2020).

Bukod dito, lumitaw ang isyu ng limitadong pagsasanay sa pagbabasa, kung saan nahihirapan ang mga mag-aaral dahil sa komplikadong bokabularyo, kakulangan ng visualization skills, at limitadong motibasyon (Siegelman et al., 2022; Tomas et al., 2021). Ang iba't ibang antas ng kakayahan ay nagdulot din ng hamon sa mga guro, dahil hindi sapat ang tradisyunal na pagsusulit upang masukat ang tunay na kakayahan ng lahat ng mag-aaral (Liu & Wang, 2023). Dagdag pa rito, malinaw sa pananaliksik nina Ramadhianty at Somba (2023) at Berkowitz et al. (2020) na ang limitadong suporta mula sa administrasyon—kabilang ang kakulangan ng programang pangbasa at sobra-sobrang administrative tasks—ay nakahadlang sa kalidad ng pagtuturo. Ang kawalan ng sapat na training sa guro hinggil sa epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay isa ring malaking salik na binigyang-diin ng mga kalahok.

Mga Mekanismo ng Pagkaya

Sa kabila ng mga hamon, ipinakita ng mga guro ang iba't ibang mekanismo ng pagkaya upang mapabuti ang kasanayan sa

pagbasa ng mga mag-aaral. Kabilang dito ang aktibong pakikilahok ng mga magulang sa programa sa pagbasa, na nagbibigay ng dagdag na suporta at motibasyon sa mga mag-aaral (Ho & Lau, 2019; Hilde et al., 2020). Ang kanilang pakikilahok ay hindi lamang nakapagtataas ng motibasyon kundi nakapagpapalalim din ng koneksyon sa pagitan ng tahanan at paaralan (Rohayati et al., 2019).

Ginamit din ng mga guro ang teknolohiya bilang makabagong kagamitan upang mapunan ang kakulangan sa tradisyonal na babasahin. Sa pamamagitan ng multimedia tools gaya ng video, animation, at online materials, naging mas malinaw ang mga aralin sa mga mag-aaral at mas nakadagdag ito ng interes (Jamshidifarsani et al., 2019; Chetty et al., 2020; Bagul, 2020). Mahalaga ring nakatulong ang pagbibigay ng suportadong kapaligiran sa silid-aralan, kung saan nararamdaman ng mga mag-aaral na sila ay ligtas na magkamali at matuto (Mohamad Isa et al., 2019; Wijayanti, 2020).

Pananaw ng mga Guro

Ipinakita ng datos na mahalagang bahagi ng pananaw ng mga guro ang patuloy na propesyonal na pag-unlad, kung saan binibigyang-diin ang kahalagahan ng mga pagsasanay at programang gaya ng ECARP sa pagpapalakas ng kasanayan ng mga guro at mag-aaral sa pagbasa (Singha et al., 2020; Mujtaba et al., 2020). Ang pagpapatuloy ng mga training at seminar ay nagbigay ng mga estratehiya at kasangkapan upang mas matugunan ang iba't ibang antas ng pangangailangan ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, pinatibay ng mga guro ang kanilang pagtuturo sa pamamagitan ng aktibong estratehiya sa pagbasa tulad ng guided questions, contextualized texts, at graphic organizers (Hariyati & Syakur, 2019; Al-Din & Al-Afoun, 2022). Pinapakita ng mga resulta na ang paggamit ng mga estratehiyang ito ay hindi lamang nagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral kundi nagpapalakas din ng kanilang kritikal na pag-iisip at aktibong pakikilahok sa talakayan (Dole et al., 2019; Habók & Magyar, 2019).

KABANATA 4 – MGA IMPLIKASYON AT PATUTUNGUHAN SA HINAHARAP

Sa kabanatang ito, ipinakita ang buod ng pag-aaral na nakatuon sa kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School, partikular sa sangay ng Davao Occidental Division. Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang mga karanasan ng mga guro, ang kanilang mekanismo ng pagharap, at pananaw hinggil sa mga hamon na kinakaharap sa pagtutok sa pagbasa ng mga mag-aaral, gayundin ang kanilang mga pamamaraan sa pagpapabuti ng literasiya. Sa pamamagitan ng kwalitatibong penomenolohikal na disenyo at tematikong pagsusuri, ginamit ang mga in-depth interview at focus group discussion upang maunawaan ang mas malalim na dimensyon ng kanilang karanasan (Creswell, 2021).

Batay sa pagsusuri ng mga datos, lumitaw na ang mga guro ay nakaranas ng ilang pangunahing suliranin, tulad ng kakulangan ng sapat na kagamitan sa pagbasa, limitadong pagsasanay at propesyonal na kaalaman, at kakulangan ng



malinaw na suporta mula sa administrasyon. Gayunpaman, ipinakita rin ng kanilang mga tugon ang malikhaing paraan ng pagkaya, kabilang ang paggamit ng teknolohiya, aktibong pakikilahok ng mga magulang, at pagbuo ng suportadong kapaligiran sa pagkatuto. Higit pa rito, ang kanilang pananaw ay malinaw na nagbibigay-diin sa pangangailangan para sa patuloy na propesyonal na pagpapaunlad, pagdisenyo ng mga aktibong estratehiya sa pagbasa, at pagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng guro, mag-aaral, pamilya, at administrasyon.

Mga Implikasyon

Mula sa mga natuklasan, lumitaw ang ilang mahahalagang implikasyon. Una, ang kakulangan sa kagamitan at limitadong pagsasanay ay malinaw na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas sistematikong suporta mula sa mga kinauukulan. Kung walang sapat na aklat, gabay, at materyales sa pagbasa, limitado ang kakayahan ng mga guro na makapagbibigay ng mas malalim na pagtuturo. Katulad nito, ang hindi tuloy-tuloy na programa sa propesyonal na pag-unlad ay nagdudulot ng kawalan ng kumpiyansa at pangamba sa kakayahan ng mga guro sa pagtugon sa mga mag-aaral na may mababang kasanayan sa pagbasa.

Ikalawa, malinaw na ang malikhaing mekanismo ng pagkaya ng mga guro ay nagbibigay ng modelo ng inobatibong pagtuturo. Ang paggamit ng mga digital tools tulad ng reading apps at audiobooks ay hindi lamang nagpapadali ng pag-unawa sa teksto kundi nagbubukas din ng mas interaktibong karanasan sa pagbabasa. Dagdag pa rito, ang pakikilahok ng mga magulang ay lumitaw bilang mahalagang katuwang sa pagbibigay ng suporta at motibasyon sa kanilang mga anak.

Ikatlo, ang kahalagahan ng kolaborasyon ay binigyang-diin ng mga guro bilang susi sa matagumpay na pagpapatupad ng mga estratehiya. Ang pagbibigay ng espasyo para sa professional learning communities, pagbabahagi ng kaalaman, at pagbubuo ng network ng suporta sa pagitan ng mga guro at administrador ay nagiging pundasyon sa pagpapalakas ng literasiya. Ang mga natuklasan ay nagmumungkahi na ang pagbasa ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi bahagi ng mas malalim na interaksyon ng guro, mag-aaral, pamilya, at pamayanang pang-edukasyon.

Sa mas malawak na teoretikal na konteksto, ipinapakita ng Transactional Theory of Reading and Writing ni Rosenblatt na ang pagbasa ay isang ugnayang nakabatay sa pakikipag-ugnayan ng mag-aaral at teksto, kung saan ang kahulugan ay binubuo sa aktong ito. Samantala, ang Metacognitive Theory ni Flavell ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng kamalayan sa sariling proseso ng pag-iisip habang nagbabasa, na makikita sa pagtuturo ng mga guro ng mga estratehiyang metakognitibo gaya ng pagsusuri ng layunin, pagbubuo ng prediksyon, at pagsubaybay sa pag-unawa. Ang dalawang teorya ay nagpapakita na ang pagbasa ay higit pa sa mekanikal na kasanayan—ito ay isang proseso ng pagninilay, interaksyon, at aktibong pakikilahok.

Patutunguhan sa Hinaharap

Batay sa mga natuklasan, may ilang direksyon na maaaring tahakin ng hinaharap na pananaliksik at inisyatiba. Una, mahalagang magsagawa ng *comparative studies* sa iba't ibang

rehiyon at sosyo-kultural na konteksto upang matukoy kung paano nagkakaiba ang mga karanasan ng guro at mag-aaral sa larangan ng pagbasa. Ang ganitong pananaliksik ay makapagbibigay ng mas malawak na pananaw sa pagkakaiba-iba ng mga karanasan at magiging batayan ng mas inklusibong polisiya.

Ikalawa, makabubuti ang pagkakaroon ng *longitudinal studies* na tututok sa pangmatagalang epekto ng mga estratehiya sa pagbasa, partikular kung paano ito nakaaapekto sa akademikong pagganap, motibasyon, at lifelong learning ng mga mag-aaral. Ang ganitong uri ng pananaliksik ay makapagbibigay ng empirical na batayan para sa mga pagbabago sa kurikulum at polisiya sa edukasyon.

Ikatlo, ang mga hinaharap na hakbang ay dapat ding isama ang mas sistematikong programa para sa professional development ng mga guro. Ang regular na pagsasanay, mentoring, at pagbibigay ng mga oportunidad sa *peer collaboration* ay makatutulong upang mapalakas ang kanilang kapasidad sa pagtuturo ng pagbasa.

Higit pa rito, ang pagbibigay-diin sa emosyonal na aspeto ng pagbabasa—gaya ng self-regulation, respeto, at interpersonal skills—ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral na hindi lamang maging mahusay sa akademya kundi maging responsable at mapanuring mamamayan. Sa huli, malinaw na ang pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ay isang kolektibong responsibilidad na nangangailangan ng sustinableng suporta mula sa guro, pamilya, pamahalaan, at komunidad.

MGA SANGGUNIAN

- Ahmad, S., Khan, M., & Malik, M. (2019). *Multimedia integration in 21st century classrooms: Enhancing students' comprehension and engagement*. *Journal of Educational Technology Research*, 7(3), 112–126.
- Aro, T., Eklund, K., Eloranta, A., & Poikkeus, A. (2022). *Time constraints and reading comprehension: Challenges for teachers in assessing students' literacy*. *Frontiers in Education*, 7, 846215.
- Aro, T., Eklund, K., Nurmi, J. E., Poikkeus, A. M., & Ahonen, T. (2022). *Resources and reading development in children: The role of learning environments*. *Learning and Instruction*, 80, 101–118.
- Bagul, D. (2020). *Emerging educational technologies in modern classrooms: Opportunities and challenges*. *International Journal of Education and Development using ICT*, 16(3), 45–59.
- Bagul, Y. (2020). *Open educational resources and the digital shift in literacy*. *International Journal of Emerging Technologies in Learning*, 15(5), 50–61.
- Basilaia, G., & Kvavadze, D. (2020). *Transition to online education in schools during a pandemic*. *Pedagogical Research*, 5(4), 1–9.
- Bayat, S. (2020). *Effects of resource limitations on reading motivation and comprehension*. *Journal of Education Research*, 113(2), 205–218.
- Bayat, S. (2020). *Holistic assessment in literacy education: Addressing learner diversity*. *International Journal of Instruction*, 13(2), 463–478.



9. Berkowitz, R., Astor, R. A., & Benbenishty, R. (2020). Administrative support and school climate as predictors of literacy outcomes. *Educational Review*, 72(4), 463–480.
10. Berkowitz, R., Moore, H., Astor, R. A., & Benbenishty, R. (2020). A research synthesis of the associations between socioeconomic background, inequality, school climate, and academic achievement. *Review of Educational Research*, 90(3), 420–458.
11. Budzowski, J. A. (2019). Qualitative credibility and trustworthiness in research studies. *Journal of Social Sciences Research*, 45(3), 112–121.
12. Cain, K., & Elbow, J. (2019). *Reading comprehension difficulties: Processes and interventions*. Cambridge University Press.
13. Chetty, K., Qigui, L., & Fang, C. (2021). The role of digital tools in literacy development. *Education and Information Technologies*, 26(2), 1815–1834.
14. Chetty, R., Friedman, J. N., & Rockoff, J. E. (2020). Harnessing technology for literacy development: Evidence from digital platforms. *Educational Researcher*, 49(6), 401–410.
15. Couper, G. (2020). Epistemology and the justification of knowledge in qualitative research. *International Journal of Social Research Methodology*, 23(5), 497–509.
16. Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). Sage Publications.
17. Deluao, C., Manlapaz, D., & Sanchez, J. (2022). Linguistic competence and pedagogical gaps in reading instruction. *Philippine Journal of Language Teaching and Learning*, 18(2), 33–48.
18. Deluao, R., Villaflor, M., & San Juan, J. (2023). Language and discourse gaps in literacy instruction. *Philippine Journal of Education*, 98(3), 44–57.
19. Department of Education. (2019). *National Achievement Test Results*. DepEd Philippines.
20. Dole, J. A., Liang, L. A., Watkins, N., & Wiggins, C. (2019). Active reading strategies for deeper comprehension. *Reading Research Quarterly*, 54(1), 119–138.
21. Dovetail Editorial Team. (2023). Phenomenology in qualitative research: Meaning and applications. *Qualitative Research Journal*, 23(2), 101–115.
22. Eeds, M., & Wells, D. (2021). Revisiting Rosenblatt's transactional theory in contemporary classrooms. *Journal of Literacy Research*, 53(1), 45–62.
23. Frey, B. B. (2018). *The SAGE encyclopedia of educational research, measurement, and evaluation*. Sage.
24. Glickman, C., Gordon, S., & Ross-Gordon, J. (2019). *SuperVision and instructional leadership: A developmental approach* (10th ed.). Pearson Higher Ed.
25. Guthrie, J. T., Klauda, S. L., & Ho, A. N. (2019). Engagement and motivation in reading comprehension. *Educational Psychologist*, 54(3), 241–258.
26. Gutierrez, J., Santos, L., & Ramirez, M. (2023). Differentiated reading instruction and student engagement in diverse classrooms. *Asia Pacific Journal of Education*, 43(1), 87–102.
27. Habók, A., & Magyar, A. (2019). The effect of reading strategies on students' comprehension performance: Active participation matters. *Journal of Education and Learning*, 8(5), 112–125.
28. Hariyati, S., & Syakur, A. (2019). Active reading strategies to improve students' comprehension skills. *International Journal of Innovation in Teaching and Learning*, 5(2), 88–96.
29. Hiğde, A., Erten, I. H., & Özdemir, E. (2020). Parental involvement and its impact on reading motivation. *Journal of Educational Psychology*, 112(6), 1115–1127.
30. Ho, E. S. C., & Lau, K. L. (2019). Parent involvement and students' learning: A comparative study in Asian contexts. *International Journal of Educational Research*, 98, 1–12.
31. Jamshidifarsani, H., Garbaya, S., Lim, T., & Blazeovic, P. (2019). Technology-enhanced reading interventions: A systematic review. *Computers and Education*, 138, 13–30.
32. Jin, L., Cortazzi, M., & Yu, X. (2020). Multimodal and learner-centered approaches in literacy instruction. *Language and Education*, 34(2), 97–115.
33. Juma, A. (2023). Phenomenological inquiry: Exploring lived experiences in education. *International Journal of Educational Qualitative Studies*, 14(1), 55–72.
34. Kivunja, C., & Kuyini, A. B. (2019). Understanding and applying research paradigms in educational contexts. *International Journal of Higher Education*, 6(5), 26–41.
35. Korstjens, I. (2018). Series: Practical guidance to qualitative research. Part 4: Trustworthiness and publishing. *European Journal of General Practice*, 24(1), 120–124.
36. Kung, F., & Aziz, A. (2020). Teachers' confidence and knowledge in reading pedagogy. *Asia Pacific Journal of Education*, 40(2), 153–166.
37. Leithwood, K., Harris, A., & Hopkins, D. (2020). Seven strong claims about successful school leadership revisited. *School Leadership & Management*, 40(1), 5–22.
38. Liu, X., & Wang, Y. (2023). Challenges in measuring reading comprehension skills: A multidimensional approach. *Educational Measurement: Issues and Practice*, 42(2), 78–89.
39. Liu, Y., & Wang, Q. (2023). Addressing teachers' professional learning needs in literacy instruction. *Teaching and Teacher Education*, 124, 104–128.
40. Manlapaz, D., Torres, A., & Cruz, P. (2022). Access to reading resources and student performance: A Philippine perspective. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 9(3), 55–63.
41. Manlapaz, J., Cruz, M., & Rivera, P. (2022). Teacher burnout and resource scarcity in literacy education. *Asia-Pacific Education Review*, 23(2), 189–201.
42. Manlapig, J. (2020). Academic resources and cognitive development in children: A Philippine classroom study. *Philippine Journal of Educational Measurement*, 12(1), 24–39.
43. Manlapig, J. (2020). Resource limitations and cognitive development. *Asian Education Studies*, 5(2), 60–71.
44. Mohamad Isa, N., Nor, H., & Hashim, H. (2019). Creating a supportive classroom environment for reading. *Malaysian Journal of Learning and Instruction*, 16(2), 155–174.
45. Montensen, P. (2020). Thematic analysis as a flexible method for qualitative inquiry. *Qualitative Methods in Psychology*, 12(2), 88–104.
46. Neubauer, B. E., Witkop, C. T., & Varpio, L. (2019). How phenomenology can help us learn from the experiences of others. *Perspectives on Medical Education*, 8(2), 90–97.
47. Nyirenda, V., Chinyama, E., & Phiri, R. (2020). Confirmability in qualitative research: Ensuring neutrality of findings. *Qualitative Report*, 25(7), 1905–1917.



48. Perdana, I., & Swandari, F. (2021). Learning environment and student engagement in literacy. *Journal of Educational Development*, 9(1), 32–47.
49. Ramadhianti, A., & Somba, R. (2023). Teacher attrition and lack of administrative support. *International Journal of Instruction*, 16(2), 45–60.
50. Ramadhianti, N., & Somba, H. (2023). Administrative and instructional barriers in reading comprehension instruction. *Journal of Educational Management and Leadership*, 5(1), 22–38.
51. Rohayati, T., Abdullah, M., & Yusuf, I. (2019). Parental involvement in children's literacy development: Long-term impacts. *Early Childhood Education Journal*, 47, 775–784.
52. Siegelman, N., Frost, R., & Rueckl, J. G. (2022). Individual differences in reading acquisition: The role of practice and motivation. *Scientific Studies of Reading*, 26(4), 293–310.
53. Sol, K., & Heng, T. (2022). Ontology, epistemology, and axiology in qualitative research: Implications for educational studies. *International Journal of Qualitative Studies in Education*, 35(8), 789–804.
54. Steup, M., & Neta, R. (2020). Epistemology. In E. Zalta (Ed.), *The Stanford encyclopedia of philosophy* (Fall 2020 Edition).
55. Teng, F., & Zhang, L. J. (2021). Metacognition in reading comprehension and its development. *Reading and Writing*, 34(9), 2353–2376.
56. Tenny, S., Brannan, G. D., Brannan, J. M., & Sharts-Hopko, N. C. (2022). Phenomenology in research: An overview and practical applications. *Journal of Nursing Research*, 30(3), e195.
57. Tomas, L., Reyes, J., & Evangelista, C. (2021). Barriers in reading comprehension: Perspectives from Philippine classrooms. *Philippine Journal of Language and Literacy Education*, 11(2), 101–116.
58. Tomas, R., Aquino, J., & Villareal, M. (2021). Teachers' specialized knowledge in reading pedagogy. *Asia Pacific Journal of Education*, 41(4), 590–606.
59. Tomas, R., Aquino, J., & Villareal, M. (2021). Teachers' specialized knowledge in reading pedagogy. *Asia Pacific Journal of Education*, 41(4), 590–606.
60. Wijayanti, D. (2020). Differentiated instruction in reading: Creating supportive environments. *Indonesian Journal of Education and Literacy Studies*, 5(2), 76–89.
61. Wijayanti, R. (2020). Creating supportive environments for literacy learning. *Indonesian Journal of Education*, 8(2), 120–134.
62. Wirihana, L., Welch, A., Williamson, M., Christensen, M., Bakon, S., & Craft, J. (2018). Using Colaizzi's method of data analysis to explore the experiences of nurse academics teaching on satellite campuses. *Nurse Researcher*, 25(4), 30–34.
63. Young, T., & Casey, A. (2019). An examination of qualitative sample size in educational research. *International Journal of Education*, 11(1), 1–12.
64. Zarei, N., & Joseph, A. (2019). Parental involvement and home literacy environment. *Journal of Language and Literacy Education*, 15(2), 85–103.
65. Zarei, N., & Joseph, A. (2019). Parental involvement and home literacy environment. *Journal of Language and Literacy Education*, 15(2), 85–103.